# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 26, 2024, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANG... BAYAN RELEASED NAME [signature] DATE 032724 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: [signature] 26 MAR 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 157-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2024 NG BARANGAY POBLACION IV, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG MILYON LIMAMPU'T PITONG LIBO WALONG DAA'T DALAWANG PISO (P3,057,802.00) NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 070-T2023/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 009-T2023.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 070-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 009-T2023 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion IV para sa Taunang Badyet taong 2024 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang isinagawang badyet para sa mga pantauhan, pangkagamitang pangangailangan at mentinansya ng barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan na pagtibayin na ang Taunang Badyet ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Poblacion IV.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2024 ng Barangay Poblacion IV, bayang ito na nagkakahalaga ng P3,057,802.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 070-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 009-T2023.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Poblacion IV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 26, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

[signature]
**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

[signature]
**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

[signature] 3/25/24
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

032524246